## TALA UKOL SA MGA KONTRIBYUTOR

**Ma. Stephanie Joy A. Andaya**

Kasalukuyang University Extension Staff 1 (UES 1) at gumagampan bilang Research and Publication Officer ng UP Diliman Gender Office (UPDGO). Nagtapos siya ng BA Malikhaing Pagsulat sa Filipino (Cum Laude, 2013) mula sa Departamento ng Filipino at Panitikan sa Pilipinas (DFPP), College of Arts and Letters (CAL), UP Diliman. Kasalukuyan din siyang nag-aaral ng MA Araling Pilipino sa DFPP-CAL. Nakapagturo siya sa De La Salle University-College of Saint Benilde (2014) at sa Kalayaan College (2017). Naipalabas ang kaniyang dulang *Bahay-Bahayan* sa Light and Space Contemporary (2013) at sa De La Salle University-College of Saint Benilde (2014). Ipinalabas din ang dula niyang *Comfort Room* sa Cultural Center of the Philippines (2013), at sa St. Paul College Pasig (2018). Ipinalabas din ang kaniyang dulang *Tudlo* (bahagi ng *Mga Diklap ng Tiempos Muertos*) sa Polytechnic University of the Philippines, Sta. Mesa, Manila (2016). maandaya2@up.edu.ph

**Soledad Natalia M. Dalisay**

Kasalukuyang Propesor at Tagapangulo ng Department of Anthropology, College of Social Sciences and Philosophy (DA-CSSP), University of the Philippines Diliman. Nagtapos siya ng Ph.D. Anthropology sa UP Diliman. Nagsilbi siyang Coordinator ng Office of Anti-Sexual Harassment ng Unibersidad (OASH) mula Abril 2006 hanggang Mayo 2014. May ilan na siyang nagawang pananaliksik sa larangan ng Kasarian at Sekswalidad at *Anthropology of Disaster*. Katuwang na nangasiwa sa *First National Workshop on Women in Fisheries and Climate Change* na ginanap noong 2010 sa Bohol. Nagsilbi siyang Katuwang na Patnugot ng Workshop Proceedings ng naturang kumperensya.
sol.dalisay@yahoo.com

**Kristel May Gomez-Magdaraog**

Kasalukuyang University Extension Specialist 3 (UES 3) at gumagampan bilang Training and Advocacy Officer ng UP Diliman Gender Office. Siya ay Registered Social Worker. Nagtapos siya ng MA in Women and Development (Academic Honor Excellence, 2016) at BS Social Work (Cum Laude, 2008), mula sa College of Social Work and Community Development, University of the Philippines

Diliman. Nailathala niya ang *In Focus: Rights and Welfare in a Philippine Peasant Community*, sa Social Development Issues Vol. 35 Issue 2 Summer 2013. Ang iba pang papel -pangkumprehensiya na nilikha ay *Gender and the Law: An Analysis of Selected Gender-related Laws in Philippines, (2013), Double Vulnerability: Contractualization and Sexual Harassment in the Public Education Sector Abridged Version* (2015); at *poster presentation* ng *Women Scientists in the Academia: The Case of the University of the Philippines Diliman* (2017). kgmagdaraog@up.edu.ph

**Sofia G. Guillermo**

Kasalukuyang Assistant Professor sa Department of Art Studies sa College of Arts and Letters (DAS-CAL), UP Diliman. Nakapagtapos ng MA Art History at BA Art Studies. Nagsulat siya ng mga artikulo at rebyu hinggil sa sining at kultura para sa iba't ibang publikasyon kabilang ang *TODAY, Business Mirror*, at *Highlife Magazine*. Napabilang ang kanyang sanaysay na *"The Perils of Posing: From Theory to Practice and Back"* sa *Suri Sining: The Art Studies Anthology (2011)*. Hilig niyang pag-aralan ang pelikula at pulitikang pangkasarian.
sgguillermo@up.edu.ph

**Roderick C. Javar**

Kasalukuyan siyang Assistant Professor at Division Head ng History Division, Department of Social Sciences, University of the Philippines- Los Baños (UPLB) kung saan siya nagtuturo ng Kasaysayan at Agham Panlipunan. Dati rin siyang nagturo sa UP Baguio (UPB) mula 2001 hanggang 2009. Nagtapos siya ng BA History, MA History at Ph. D. Philippine Studies sa UP Diliman. Naging pangunahing interes niya sa pananaliksik ang mga paksang kaugnay ng pananalambuhay at historiograpiya. Sinulat niya bilang tesis masteral ang talambuhay ni Pangat Macli-ing Dulag (1928?-1980), at ang kanyang disertasyon ay tungkol naman sa pulitika ng pananalambuhay at mga historiograpikong suliranin sa Pilipinas gamit ang mga nalathalang talambuhay nina dating mga Pangulong Manuel M. Quezon at Ferdinand E. Marcos bilang mga heuristikang instrumento. Siya ang Patnugot sa Isyu ng *Saliksik E-Journal Tomo 5 Bilang 2 (2016)* na pumaksa ng *Kasaysayang Buhay: Pananaw, Pamamaraan, Pananaliksik*.
rcjavar@up.edu.ph

**Nancy Kimuell-Gabriel**

Kasalukuyang Assistant Professor sa Departamento ng Filipino at Panitikan sa Pilipinas, College of Arts and Letters (DFPP-CAL), UP Diliman. Siya ang *Coordinator* ng UP Diliman Gender Office (UPDGO) at *Coordinator for CAL* sa Tri-College Ph.D. Philippine Studies Program ng UP Diliman. Nagturo din siya sa UP Manila, De La Salle University, Ateneo De Manila, at San Beda College. Nagtapos ng BA History, MA History at Ph.D. Philippine Studies sa UP Diliman. Ang MA *thesis* niyang *Timawa sa Kasaysayang Piilipino* ay pinarangalan sa De La Salle University na Pinakamahusay na MA Thesis sa Filipino (2008). Ang kanyang disertasyon na *Pook at Pagsasakapangyarihan: Ang Kababaihan ng Tundo* 1946-2008 ay tumanggap ng *Lourdes-Lontok-Cruz* Awards ng UP Center for Women's and Gender Studies bilang isa sa apat na Pinakamahusay na Disertasyon sa Kababaihan at Kasarian mula 2010-2015. Tumanggap siya ng Gawad Palanca para sa kanyang sanaysay na *Kubeta*. Siya ang Patnugot sa isyu ng *Saliksik E-Journal Tomo 3, Bilang 2* (2014) na pumaksa ng *Andres Bonifacio: Kapookan, Kaisipan, at Kabayanihan.* nakimuellgabriel@up.edu.ph

**Prescilla D. Tulipat**

Siya ay Registered Guidance Counselor at naging Tagapagsangguni/Counselor ng UP Diliman Gender Office mula 2007 hanggang 2017. Sa kasalukuyan, siya ang University Extension Specialist 3 (UES 3) ng UP Diliman Office of Anti-Sexual Harassment (OASH). Nagtapos ng MA Gender and Peacebuilding sa University for Peace, Costa Rica, at MA Women and Development sa Department of Women and Development, College of Social Work and Community Development, University of the Philippines Diliman (CSWCD-UPD). Kasalukuyan siyang nag-aaral ng Ph.D. Anthropology sa College of Social Sciences and Philosophy, UP Diliman. Isa siya sa mga awtor ng inilimbag ng University Center for Women's Studies o UCWS na *Gender Violence: Its Socio-Cultural Dimensions* (2001), *Violence Against Women & Children* Vol 11. Nos. 1 & 2. (Jan-Dec 2001), at *Selected Readings on Health and Feminist Research* (2001). Kasama din siya sa mga awtor ng artikulong *Violence Against Women* sa Philippine NGO Beijing report (2005 at 2010). Nilathala rin nito ang Review of Women's Studies ng UWCS (2015). pdtulipat@up.edu.ph